# KABANATA 2:
# Mga Hamon at Pagtugon sa Kabuhayan ng mga Pilipino

Ang anomang kasaganahan at kaunlaran ay dumadaan sa mga hamon o pagsubok. Ang mga hamon na ito ang mas humuhubog at nagpapaunlad ng mga gawaing pangkabuhayan sa bansa. Ang mga hamong ito ay may kaugnayan pa rin sa mga katangiang heograpikal ng isang lugar at sa pagkilos ng mga tao rito.

## SUBUKIN NATIN

Panuto: Basahin ang tanong sa bawat bilang. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Alin sa mga sumusunod ang hamon sa pagsasaka?
   A. problema sa irigasyon
   B. panganib na matabunan ng lupa
   C. pagkasira ng mga tirahan ng isda
   D. paggamit ng dinamita sa panghuhuli ng isda

2. Alin sa mga sumusunod ang hamon sa pangingisda?
   A. polusyon sa lupa
   B. kakulangan sa patubig
   C. hindi legal na paraan ng panghuhuli ng isda
   D. pagkasira ng mga pinagkukunang-yaman ng bansa

3. Bakit mapanghamon ang gawain ng mga minero?
   A. Kailangan nilang maghukay ng lupa.
   B. Mas mahirap ang gawain nila kaysa sa iba.
   C. Kailangan nilang magdaan sa mga pagsasanay.
   D. Malaki ang kikitain nila kung makamina ng ginto.



LIVEWORKSHEETS

4. Paano matutugunan ang mga hamon sa pangingisda?
   A. Magpatupad ng mga legal na paraan ng pangingisda.
   B. Kontrolin ang pagpasok ng mga produktong inaangkat sa ibang bansa.
   C. Magpatayo ng mas madaming daungan sa mga istratehikong lugar.
   D. Magpagamit ng mahalagang kagamitan na mas magpapabilis ng produksiyon at pag-aani.

5. Ano ang kailangan upang mas maging madali ang paghahatid ng mga panindang produkto mula sa bukid patungo sa pamilihan?
   A. malalaki at malalapad na sasakyan
   B. malaking puhunan at mas maraming paninda
   C. maraming magbubuhat at magdadala ng paninda
   D. maayos na kalsadang mula bukid tungo sa pamilihan

6. Alin sa mga sumusunod na hamon ang maaaring may epekto sa lahat ng mga gawaing pangkabuhayan?
   A. problema sa irigasyon o patubig
   B. pagbabago ng panahon o *climate change*
   C. kawalan ng kasanayan ng mga magsasaka
   D. kakulangan ng mga programa sa pangangalaga sa kalikasan

7. Aling hamon sa kabuhayan ang bunga ng kapabayaan ng mga tao?
   A. kakulangan ng puhunan
   B. kawalan ng pagsasanay ng mga manggagawa
   C. hindi paggamit ng mga makabagong kagamitan
   D. pagkasira at pagkaubos ng mga pinagkukunang-yaman

8. Paano mapabibilis ang produksiyon at mapatataas ang kita?
   A. Magpagawa ng maaayos na kalsada.
   B. Gumamit ng mga makabagong kagamitan.
   C. Kontrolin ang pagpasok ng mga produktong inaangkat.
   D. Magpatayo ng mga planta ng yelo at mga imbakan ng isda.



LIVEWORKSHEETS

9. Ano ang magagawa ng pamahalaan para makatulong sa pagtugon sa hamon sa gawaing pangkabuhayan?
   A. Magpagawa ng maayos na mga kalsada.
   B. Humikayat sa paggamit ng makabagong kagamitan.
   C. Pahintulutan ang pagtatayo ng mas malaking pamilihan.
   D. Pasalihin ang mga mangingisda at magsasaka sa kooperatiba.

10. Alin sa mga sumusunod na pagtugon sa hamon ang nagpapakita ng pagpapahalaga sa pinagkukunang-yaman ng bansa?
   A. pamimigay ng magagandang binhi
   B. pag-ayon sa likas-kayang pag-unlad
   C. pagpapatayo ng mas maraming daungan
   D. pagpapahiram ng puhunan sa mga magsasaka

11. Bilang tugon sa hamon sa kabuhayan, paano maipakikita ang pangangalaga sa yamang lupa?
   A. Magtanim ng iba't ibang uri ng halaman.
   B. Huwag magtapon ng basura, kemikal, at langis.
   C. Ipagbawal ang paggamit ng lason at dinamita sa pangingisda.
   D. Iwasan ang panghuhuli ng mga ibon at iba pang hayop sa gubat.

12. Paano mapapangalagaan ang yamang tubig?
   A. Magresiklo mula sa nabubulok na basura at dahon.
   B. Ipagbawal ang paggamit ng lason at dinamita sa pangingisda.
   C. Magtanim ng mga punla bilang kapalit ng pinutol na puno.
   D. Lutasin ang problema sa polusyong maaaring idulot ng pagmimina.



LIVEWORKSHEETS

13. Alin ang nagpapakita ng pangangalaga sa yamang gubat?
   A. paggamit sa mga nabubulok na basura at dahon
   B. pagbabawal sa pagtatayo ng mga pabrika malapit sa ilog
   C. pagtatanim ng mga punla bilang kapalit ng pinutol na puno
   D. pagkontrol sa polusyong maaaring idulot ng pagmimina

14. Aling gawain ang nagpapakilala ng ideya ng pagreresiklo?
   A. pagbabawal sa pagtatayo ng mga pabrika malapit sa ilog
   B. pagtatanim ng mga punla bilang kapalit ng pinutol na puno
   C. paggamit ng mga nabulok na basura at dahon bilang pataba
   D. pagkontrol sa polusyong maaaring idulot ng pagmimina

15. Anong pangangalaga sa pinagkukunang-yaman ang dapat gawin upang mapigilan ang pagbaha at paguho ng lupa?
   A. pagtatanim ng mga punla bilang kapalit ng pinutol na puno
   B. pagbabawal sa pagtatayo ng mga pabrika malapit sa ilog
   C. paggamit sa mga nabulok na basura at dahon bilang pataba
   D. pagkontrol sa polusyong maaaring idulot ng pagmimina



LIVEWORKSHEETS